


Valley Transportation Authority

# TALAAN NG IMPORMASYON: Real Estate

## Transit-Oriented Development ng Ohlone-Chynoweth




### Pangkalahatang Ideya

Matatagpuan ang Istasyon ng Ohlone-Chynoweth sa Chynoweth Avenue malapit sa Pearl Avenue sa San Jose, California. Sa kasalukuyan, ang ari-ariang ito ay nagsisilbing lote ng Park-and-Ride para sa VTA Blue Light Rail Line at mga Bus Route 64A, 83, at 102.

Ang tinatayang 2.7-ektaryang lote ay potensyal para sa Transit-Oriented Development (TOD) na may kasamang pabahay at iba pang gamit ng lupa, tulad ng mga tindahan, sa loob ng distansyang nalalakad ng pampublikong transit.

### Transit-Oriented Development

Nakikipagtulungan ang Programang TOD ng VTA sa munisipyo, non-profit, at sa mga pribadong katuwang upang humikayat ng pagpapaunlad ng pabahay, mga tindahan, at mga sentro ng trabaho sa mga lugar na tutulong sa pagdami ng mga sumasakay sa transit at mag-aambag sa sigla ng komunidad.

Nakaayon ang pagpapaunlad na ito sa Patakaran ng Transit-Oriented Communities (TOC) ng VTA, kung saan binabalangkas ang mga pamantayan at pamamaraan ng programa. Pangunahing kinakailangan dito ay na 25% ng mga yunit ng pabahay sa isang partikular na site ay dapat abot-kaya.

### Mga Layunin

- Ihanda ang site para sa Transit-Oriented Development sa hinaharap, sisimulan sa pakikipag-ugnayan ng komunidad
- Gumanyak ng pagpapaunlad, kasama na ang mga oportunidad sa abot-kayang pabahay na malapit sa transportasyon
- Magsulong ng kaakit-akit na disenyo ng urban na magpapahusay sa pagiging madaling lakaran ng mga tao, madaanan ng bisikleta, at nakakonekta sa transit
- Mapataas ang pangmatagalang kita para sa mga pagpapatakbo ng transit

### Mga Resulta

- Pabahay na malapit sa mga istasyon ng transit na magsisilbi sa mga sambahayan na may iba't ibang antas ng kita, na nakakatulong na matugunan ang panrehiyong krisis sa pabahay
- Mga benepisyong pangkapaligiran at pampublikong kalusugan, kabilang na ang mas malinis na hangin at mas mababang mga pagbuga ng greenhouse gas
- Pagdami ng mga sumasakay sa transit at pagkaunti ng pagiging umaasa sa sariling sasakyan, na nakakatulong mabawasan ang pagsikip ng daloy ng trapiko.
- Mga benepisyong pampamayanan at pampinansyal - Pwedeng makagawa ng malaking katipiran sa sambahayan ang TOD (mas kaunti ang gastos sa transportasyon ng mga nakatira malapit sa transit)

### Mga Benepisyo ng Transit-Oriented Development

- Matutugunan ang Pangangailangan sa Pabahay - Nakakatulong na matugunan ang panrehiyong krisis sa pabahay
- Mga Benepisyong Pangkapaligiran at Pampublikong Kalusugan
- Bawas na Pagkaumaasa sa Sariling Sasakyan - May mas kaunting pangangailangan sa paradahan ang mga residente ng TOD
- Pang-ekonomiyang Pakikipagsabayan - kaakit-akit sa mga employer ang mga lugar ng TOD
- Mga Benepisyong Pampiskalya at Pampamayanan - Pwedeng makagawa ng malaking katipiran sa sambahayan ang TOD (mas kaunti ang gastos sa transportasyon ng mga nakatira malapit sa transit)

### Iskedyul ng Proyekto/Pagpapaunlad

Nagsisikap ang VTA na magpaunlad ng isang bisyon sa pakikipagtulungan sa komunidad. Walang espesipikong proyekto na kasalukuyang iminumungkahi para sa lokasyong ito.

### Paano Makikipag-ugnayan sa Amin

**Community Outreach ng VTA**
(408) 321-7575, (408) 321-2330 TTY

*vta.org/ohlonechynowethdevelopment*
*community.outreach@vta.org*